AJOSSH
ASEAN JOURNAL OF SOCIAL SCIENCES AND HUMANITIES

# SUGILANON NI AKLA: PAKIKIBAKA NG MGA BEKI SA ESPASYO NG INTERNET

**Jehan M. Tahir[1*], Tilshane R. Yap[2], Ivy V. Sayon[3], Marie Fel B. Gabutin[4]**

[1] Departamento ng Filipino at Panitikan, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan Mindanao State University – Iligan Institute of Technology, Iligan City 9200, Philippines.
https://orcid.org/0009-0006-5556-9255

[2] Departamento ng Filipino at Panitikan, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan Mindanao State University – Iligan Institute of Technology, Iligan City 9200, Philippines
https://orcid.org/0009-0007-9979-6246

[3] Departamento ng Filipino at Panitikan, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan Mindanao State University – Iligan Institute of Technology, Iligan City 9200, Philippines
https://orcid.org/0009-0008-2624-9097

[4] Departamento ng Filipino at Panitikan, Kolehiyo ng Sining at Agham Panlipunan Mindanao State University – Iligan Institute of Technology, Iligan City 9200, Philippines
https://orcid.org/0009-0007-0069-585

**Article History:** Received 15 December 2023; Received in revised form 11 June 2024; Accepted for publication 4 August 2024; Published December 2024

## ABSTRACT

They are not giving birth, but they are multiplying. This is the fascinating puzzle of the unstoppable expansion of the LGBTQIA+ community. This study focuses on the issue of the third gender by studying their narratives from selected blog sites that show gay empowerment to find out how they faced life despite the trials they have experienced. The study used queer

theory, negotiation theory, and reader-response theory in analyzing the narratives to highlight their strengths and positive characteristics despite the challenges they faced in life. The researchers used a descriptive method to analyze the data, and purposive sampling was used to select particular blog sites from the internet. The result of the study shows that 15 narratives pertain to stories of the rise and triumph of gay men from the various trials they faced in life. Some of the challenges experienced by the gay men in the narratives include the fear of coming out, lack of acceptance from family and society, financial problems, being deceived by others, contracting AIDS, and the inability to express their feelings. Meanwhile, they faced the challenges mentioned by valuing and accepting themselves, being resourceful in life, having a positive outlook, and embracing deep love. As a result of the mentioned experiences, gays appear to have the strength and positive characteristics shown in the narratives, such as being brave, loving to their family and others, being resourceful, and having a positive outlook. Despite all the trials they faced, homosexuals remain empowered. Despite society's negative comments and views, it did not prevent them from succeeding in their careers.

**Keywords:** *blog sites, LGBTQIA+, narratives, negotiation, Queer,*

## ABSTRAK

Hindi nanganganak pero dumarami. Ito ang nakatutuwang palaisipan sa hindi mapigilang paglawak ng komunidad ng LGBTQIA+. Sa pag-aaral na ito pinagtuunan ang usapin ng ikatlong kasarian sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga naratibo mula sa mga piling blog site na nagpapakita ng gay empowerment upang malaman kung paano nila hinarap ang buhay sa kabila ng mga pagsubok na naranasan. Ginamit sa pag-aaral ang teoryang queer, teoryang negosasyon at teoryang pagbasa-pagtanggap sa pagsuri sa mga naratibo upang mapalutang ang kanilang lakas at positibong katangian sa kabila ng mga hinarap na pagsubok sa buhay. Deskriptibong pamamaraan ang ginamit ng mga mananaliksik at purposive ang proseso ng pagkuha ng mga datos sa internet partikular sa mga *blog site*. Isinaalang-alang din ang ilang kraytirya sa pagpili ng mga blog site. Natuklasan na ang labinlimang (15) naratibo ay pumapatungkol sa kuwento ng pagbangon at pagtatagumpay ng mga bakla mula sa iba't ibang pagsubok na hinarap nila sa buhay. Ilan sa mga pagsubok na naranasan ng mga bakla sa naratibo ay ang takot na magladlad, hindi pagtanggap ng pamilya at lipunan, problemang pinansyal, niloko ng ibang tao, pagkakaroon ng sakit na AIDS at hindi makapagpahayag ng saloobin. Samantala, hinarap naman

nila ang mga pagsubok na nabanggit sa pamamagitan ng pagpapahalaga at pagtanggap sa sarili, pagiging madiskarte sa buhay, pagkakaroon ng positibong pananaw at lubos na pagmamahalan. Bunga ng mga nabanggit na karanasan, lumalabas na may lakas at positibong katangian ang mga bakla na ipinakikita sa mga naratibo tulad ng pagiging matapang, mapagmahal sa pamilya at sa kapwa, pagiging mapamaraan sa buhay, at pagkakaroon ng positibong pananaw. Sa kabila ng lahat ng mga pagsubok ay empowered ang mga homosekswal sa kasalukuyan. Sa kabila ng mga negatibong puna at pananaw sa kanila ng lipunan, hindi ito naging hadlang upang magtagumpay sila sa karera nila sa buhay.

**Keywords:** *blog sites, LGBTQIA+, naratibo, negosasyon, Queer,*

## INTRODUKSYON

May dalawang bayolohikal na seks ang tao kapag siya ay ipinanganak, maaaring lalaki o babae. Subalit habang siya ay lumalaki, maaaring magbago ang kanyang kasarian depende sa oryentasyon ng lipunang kanyang kinalakihan at ginagalawan.

Ang mga bakla o yaong lalaking nagkakagusto sa kapwa lalaki ay kabilang sa komunidad ng LGBTQIA+ o lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, intersex, and asexual. Ito ang organisasyon ng mga itinuturing na nasa ikatlong kasarian. Kung pagbabatayan ang kasaysayan, matagal nang umusbong ang homosekswalidad sa mundo. Pahayag ng United Nations Human Rights (2023),

> *Historical evidence demonstrates same-sex relationships clearly existed in pre-colonial Zimbabwe, accompanied by greater tolerance and acceptance rooted in non-binary perspectives on gender and sexuality within the culture and ideology of the time (p. 12).*

Inihayag sa artikulo ni Godbout (2004) na sa panahon ni Julius Ceasar na isang hari sa Roma, sinasabi rin ng mga dalubhasa na sa kanyang panahon ay umusbong din ang homosekswalidad. Malinaw nitong ipinapakita na ang kasarian ay malaya at nagbabago. Ayon kay Ki (2022), nasa unang puwesto ang Pilipinas sa 34 na mga bansa sa Asya na tanggap ang mga miyembro ng LGBTQIA+. Subalit, binigyang diin ng Commision on Human Rights na karaniwang nasa 26 na *anti-gay* na kaso ang naitatala araw-araw sa bansa. Maraming mga miyembro ng LGBTQIA+ ang naabuso

at nakararanas ng diskriminasyon partikular na ang mga bakla sa lipunan. Sa Pilipinas, patuloy na pinagdedebatehan ang isyu ng diskriminasyon sa kasarian at hindi pagkakapantay-pantay. Pinagtitibay ng Konstitusyon ang batas tungkol sa sekswalidad, babae man o lalaki, na nagsasabing, "*The 1987 Philippine Constitution affirms the equality of men and women*" (Cayetano, 2012, para 1). Sinasabi rin sa artikulo ni Cayetano (2012) na bagaman naisabatas na ito, marami pa ring kababaihan ang biktima ng hindi pagkakapantay-pantay partikular na sa paghahanap ng trabaho dahil malaki ang faktor ng pagiging lalaki upang makapasok sa isang trabaho. Nangangahulugan lamang ito na maging ang kababaihan ay nakararanas din ng diskriminasyon.

Ayon sa Refworld (2013), maraming mga homosekswal ang nakararanas ng karahasan, hindi pantay na pagtrato at minsan humahantong ito sa torture at execution dulot ng pakikipagrelasyon sa parehong kasarian. Sa kabila ng paghihirap, marami pa rin ang hindi sumusuko at patuloy na nakikibaka sa pantay-pantay na karapatan. Isa ang bansang Hapon sa nagpapanukala ng polisiyang poprotekta at magbibigay ng pantay na karapatan para sa mga estudyanteng homosekswal na nakararanas ng bullying sa paaralan. Ang polisiya ay nagsasaad na, *"In June, the Japanese Diet, the national legislator of Japan, passed its first-ever law on sexual orientation and gender identity. It seeks to 'promote understanding' and avoid unfair discrimination"* (Doi & Worden, 2023, para 1). Dagdag pa rito, magbibigay ang naisaad na polisiya ng pantay na edukasyon sa mga batang Hapon. Ang panukalang ito ay nagiging patunay na ang diskriminasyong nararanasan ng mga homosekswal ay nagaganap sa alin mang bahagi ng mundo. Ngunit sa kabila ng kanilang nararanasang diskriminasyon mula sa lipunan, natutunan din nilang lumaban at ipagmalaki ang identidad na mayroon sila.

Ayon kay Manalansan (2023), "ang mga pagnanasa at pangangailangan ng mga bakla ay tinatanaw bilang natutulad sa nasa at kailangan ng isang babae" (p. 56). Hindi lamang ang depinisyon ng kanilang kasarian ang problema na kanilang kinakaharap. Nangunguna rito ang kakulangan ng suporta ng mga institusyong panlipunan sa LGBTQ. Dahil sa umiiral na problemang ito, naging daan at midyum ang internet upang mapunan ang pangangailangan ng mga bakla. Ayon kay Tolentino (2014), sa midya ay kulang na ang mga impormasyong patungkol sa bakla. Sa tulong ng *internet,* mas nagkakaroon ang mga bakla ng espasyo at nalalaman nila ang mga samot-saring paksa at gawain na para sa kanila. Malaki rin ang naitutulong ng internet sa malayang paglalahad ng saloobin at damdamin ng mga bakla sa maayos at ligtas na paraan na sila lamang ang nakaaalam dahil ang *"Technology has allowed us to become more narcissistic in our actions"* (Turkle, 2011, binanggit sa Willard, 2018, para 2). Nagkakaroon ang

tao ng pagkakataon na ipakita sa madla ang kanyang mas pinaganda at perpektong sarili gamit ang teknolohiya partikular ang sosyal midya. Sa kaso ng mga homosekswal, mas nagkakaroon sila ng kalayaan na ipakita ang kanilang sarili nang may lakas ng loob at pagmamalaki sa birtwal na mundo dahil kontrolado nila ang lipunang mayroon dito.

Layunin ng pag-aaral na makalap at masuri ang mga naratibo mula sa mga piling blog site na nagpapakita ng *gay empowerment* upang malaman kung paano nila hinarap ang buhay sa kabila ng mga pagsubok na naranasan. Upang matamo ang layuning ito, pinagsikapang masagot ang sumusunod na katanungan: (1) Ano-anong mga pagsubok at diskriminasyon ang naranasan ng mga bakla na makikita sa mga naratibo? (2) Paano nila hinarap ang mga pagsubok at diskriminasyon ayon sa mga naratibong nakalap? at (3) Anong lakas o positibong katangian ng mga bakla ang lumutang sa mga karanasang ito.

## METODOLOHIYA

Deskriptibong pamamaraan ang ginamit ng mga mananaliksik. Ginamit ang kompyuter at internet bilang midyum sa paghahanap ng datos dahil sosyal midya ang pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral partikular ang *blog sites* na naglalaman ng mga naratibong pumapaksa sa tagumpay ng mga bakla at pagharap nila sa mga hamon ng buhay. Pagsusuri ng dokumento o *content analysis* ang ginamit na paraan sa pagsusuri ng mga naratibong nakalap.

Sa pagpili ng mga *blog sites*, pinagbatayan ng mga mananaliksik ang ginawang kraytirya: (1) Nakapublisa ang *blog site* ng hindi bababa sa limang naratibo; (2) Kailangang updated ang *blog sites* sa pagpupublisa ng mga naratibo; (3) Walang kasarian ang isinaalang-alang sa pagpili ng may akda. Hindi kinakailangang homosekswal ang nagsulat ng kuwento o naratibo basta kakikitaan ito ng kuwento ng tagumpay at pakikibaka ng mga bakla at (4) Ang blog site ay mula sa Pilipinas. *Purposive* ang ginawang proseso sa pagkalap ng mga naratibo. Sinuri at pinili ang mga naratibong kakikitaan ng pagtatagumpay sa buhay at paglaban ng mga bakla sa kabila ng diskriminasyon sa kanilang identidad at iba pang pagsubok sa buhay.

Ang kanilang pagiging kakaiba at taliwas sa inaasahang makita ng lipunan ang nagiging dahilan kung bakit nakararanas sila ng hindi pagtanggap ng mga taong nakasasalamuha nila. Magkakaiba ang identidad ng isang tao. Ang kanilang pagiging kakaiba at taliwas sa inaasahang makita ng lipunan ang nagiging dahilan kung bakit nakararanas sila ng hindi pagtanggap ng mga taong nakasasalamuha nila.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pagdulog na queer upang maitanghal ang karanasan ng mga bakla sa kabila ng malupit at mapanghusgang mundo

mula sa kanilang mga naratibo. Nais nitong ipahatid na hindi dahilan ang pagiging homosekswal para makaranas ng karahasan, hindi pagtanggap, panghuhusga at anumang kasamaan mula sa lipunan. Naging sandigan din sa pag-aaral na ito ang teoryang negosasyon na nagsasabing, "*Negotiation theory suggests you focus on interests, not positions; separate inventing from committing; invest heavily in 'What if?' questions; insist on objective criteria; and try to build nearly self-enforcing agreements*" (Subramanian, n.d., para. 2). Umiikot ang teoryang negosasyon sa mga karaniwang interes ng tao, pagtalakay sa katwiran at kamalayan ng tao at ang proseso ng pagtugon sa mga problemang kinakaharap ng tao. Ayon pa kay Benjamin (1998), sa usapin ng kasarian, pinag-aaralan sa teoryang negosasyon kung paano hinaharap ng babae at lalaki ang isang problema o pagsubok. Pokus ng pag-aaral na ito na ipakita ang mga kuwento ng tagumpay ng mga bakla at kung paano sila nakibaka para sa kanilang karapatan at identidad.

Samantala, isa rin ang teoryang *reader's response* sa mga pinagbatayan sa pagsusuri ng mga naratibo. Binibigyang halaga ng teoryang ito ang pag-intindi ng mambabasa sa isang akda. Ang nagbibigay kahulugan sa teksto ay ang mambabasa. Gamit ang pagdulog na ito, ang mga mananaliksik ang nagbigay ng interpretasyon sa mga naratibong sinuri. Ang mga naratibong pumasa ay binigyan ng hinuha ng mga mananaliksik sa kung ano ang sa tingin nila ay nais ipahiwatig ng teksto/naratibo, ito ay base rin sa pagpapakahulugan ni Wolfgang Iser sa pagdulog na *reader's response*.

Sinandigan sa pag-aaral na sa ganitong sistemang panlipunan ay mas tinatangkilik ng mga bakla ang buhay sa virtwal na mundo. Dahil sa *internet*, malayang silang nakagagawa at nakapagbibigay ng mga impormasyon gamit ang mga social media site, blog site at iba pa. Gamit ang ganitong midyum ay maaaring makita at makilala ang mga bakla mula sa kanilang mga inilathalang naratibo at malaman ang kanilang karanasan sa buhay, ito man ay patungkol sa kabiguan o maging sa kuwento ng kanilang tagumpay.

## RESULTA AT DISKUSYON

Masasabing malaki ang kapakinabangan ng *internet* sa mga bakla dahil dito nila nakikita ang samot-saring uri ng kasiyahan, mula sa gawaing pang-akademiko hanggang sa usapin ng aliw. Sa tulong ng *internet,* nakasasalamuha nila ang iba't ibang uri ng tao na hindi nalalaman ang kanilang identidad. Sa sitwasyong ito, masasabing nakahiwalay ang mga bakla sa lipunan dahil sa midya pa lang, wala nang sapat na impormasyong pumapatungkol sa kanila.

### 3.1 Pagsubok at Diskriminasyon

Sa artikulo ni Austria (binanggit sa Tolentino at Santos, 2014), sinabi nitong ang *gay applications* o *sites* gaya ng "Planet Romeo" ay isang espasyo na maaaring makapaghanap ng kaibigan at maging pag-ibig. Marami na ring mga *website* na pambakla na pupwedeng makapagbasa ng artikulo hinggil sa mga nangyayari sa komunidad ng LGBTQ at maaari ring makapagbahagi ng mga kuwento hinggil sa buhay ng mga homosekswal. Ayon kay Weiner (2024), isa sa mahalagang dapat na isulat sa isang *blog* ay ang mahahalaga at makabuluhang impormasyon upang magsilbi itong gabay sa mga mambabasa. Ang pagbabahagi ng mga kuwento ay maaring pagkunan ng aral at maging inspirasyon sa buhay.

Sa bahaging ito, ilalahad ang iba't ibang pagsubok at diskriminasyong naranasan at hinarap ng mga bakla sa mga naratibong nakalap at sinuri.

*(a) Takot na Magladlad*

Bagamat tunay nga na ang katotohanan ang siyang tunay na magpapalaya, hindi madaling sabihin kung ano ang totoo lalo na't marami ang maaaring maging kalalabasan o idudulot nito. Hindi basta-basta lang ang paglaladlad na ginawa ng mga bakla bagamat gusto nilang ipaalam ito sa lahat lalo na sa kanilang pamilya ay hindi nila ito agad nasasabi. Maraming kondisyon pa ang dapat nilang isipin. Mga bagay na maaaring magbago at mawala dahil sa kanilang paglaladlad. Kaya karamihan sa mga bakla ay natatagalan pa ang proseso ng pag-amin kung ano sila. Katulad ng hindi agad paglaladlad ni Evan sa naratibong "Evan".

> *At first, I refused to identify as gay, partly because I found the whole label limiting. I had a long coming-out process as I struggled with feelings that I did not fully understand. I was scared to be pigeonholed and stereotyped.*

Mulat si Evan sa katotohanan na kapag bakla ka o kasapi ka ng komunidad ng LGBTQIA+, magiging apelyido muna kung ano man ang mga sinasabi ng iba tungkol sa kanila. Iniisip niya nang mag-iiba na ang pagtingin at pananaw ng mga taong nakapalibot sa kanya. Ito ang naging takot ng baklang si Evan kaya matagal-tagal din nang siya ay tuluyan nang magladlad sa lahat.

*(b) Hindi Tanggap ng Pamilya at Lipunan*

Pangunahing suliranin ng isang bakla ang pagtanggap ng kaniyang

pamilya at mahal sa buhay sa kaniyang identidad. Ito ang pinakahadlang sa kanilang tuluyang kasiyahan dahil sa pag-aalalang marahil ay hindi sila makatatanggap ng positibong reaksyon mula sa kanilang minamahal.

> *Finding acceptance in society is a struggle by itself but finding acceptance in one's family is harder. How I envy those who are out and out gay and yet their family loves them just the same way. I am repressed though I have accepted myself but deep down, I am yearning to feel that regardless of my life choices my family is there supporting me.*

Ang pahayag ay nagsasad na bagamat tanggap niya ang kanyang sarili bilang isang bakla, nandoon pa rin ang pakiramdam na may kulang. Ang kulang na ito ay ang basbas ng pagtanggap ng kanyang pamilya sa kanyang pagiging bakla. Isa pa sa masakit na nangyari sa kanya ay nang iparamdam ng kanyang ina na hindi nito gusto ang kanyang piniling kasarian at hindi niya makukuha ang suporta ng ina sa tinahak niyang daan.

> *I had a partner for some years and my mother, who had come from abroad was going to be staying with me for an extended period of time. She finally met my partner and she was quite civil at the start. After a few days, she confronted him and afterwards, me. She told him to break up with me, telling him that it will give me the opportunity to fix my life. When it was my turn, she asked me if I could live without him. For me, of course my answer would be yes. I can live without him. And that was it. Did she ask me if I loved him? Did she ask if he loved me?*

Ayon pa rin sa naratibong *Family Issues*, basta-basta na lamang umanong nagdesisyon ang kanyang ina na kausapin ang kanyang *partner* nang hindi man lang iniisip ang kanyang mararamdaman. At ginawa iyon ng kanyang ina dahil gusto pa nitong baguhin ang kanyang pagiging bakla.

*(c) Problemang Pinansyal*

Dahil sa kahirapan ng buhay sa Pilipinas, nagdesisyong mamasukan sa ibang bansa ang baklang si Trio sa naratibong *"Confession of a Gay Prosti"* (2009). Sa umaga, nagtatrabaho siya sa opisina at sa gabi naman may iba siyang pangangalakal.

*Sa umpisa, takot akong subukan ang pangangalakal na ito, kasi isa ito sa mga ipinagbabawal dito. Nahikayat akong pasukin ito sa*

*tulong nila... Sa araw pumapasok ako sa opisina at sa gabi naman nagtatrabaho bilang isang taga bigay aliw kasama ang aking mga kaibigan. Apat na oras na tulog sa isang gabi ayos lang para kumita.*

Pinasok niya ang trabahong ito dahil mas madaling kumita ng malaking pera. Sinisisi niya ang lahat ng kanyang paghihirap sa gobyerno.

> *Dahil sa baluktot sa sistema ng ating gobyerno, sila ang dapat sisihin kung bakit karamihan sa ating mga kababayan ay nakikipagsapalaran sa ibang bansa at pinapasok ang mga ganitong gawain; dahil sa kakulangan ng trabaho sa ating sariling bayan. Puro na lang sila pangako pero lahat naman ay napako.*

Nabanggit niya na ang bulok na sistema ng gobyerno sa Pilipinas ang dapat sisihin kung bakit maraming mga Pilipino ang napipilitang mangibangbansa at nagdurusa sa pagkahiwalay nito sa kanyang pamilya.

*(d) Niloko ng Ibang Tao*

Naloko ng nagngangalang Dan ang bakla sa naratibong *"Beware of Online Dating and Hook ups"*. Hiniram ni Dan ang selfon ng bakla at suot-suot pa nito ang mamahaling tsinelas ng kanyang kaibigan na si Angelo para umano magpa-load.

> *Then I noticed na parang 30 minutes na eh hindi pa bumabalik si Dan, so Angelo decided to call him. Dan said that he wasn't able to go back to us dahil tinawagan nya ang girlfriend nya at galit na galit daw ito sa kanya dahil they are supposed to go[to] the Taiwan embassy that day.*

Iba na ang kutob nila dahil ilang minuto na nga ang lumipas ay hindi pa ito bumabalik. Hanggang sa umaabot sa ilang araw ay marami na itong dahilan sa tuwing magkikita na sila para kunin ng bakla ang selfon nito at pati na rin ang tsinelas ni Angelo. Sa bandang huli ay nakaisip din sila ng paraan kung paano nila makukuha ang mga gamit nila kay Dan.

*(e) Pagkakaroon AIDS*

Isang masamang pangyayari naman ang naranasan ng bakla sa naratibong "*My Story*". Dahil sa pagbabalewala niya sa kung ano ang maaaring mangyari kapag hindi protektado sa tuwing nakikipagtalik, humantong nga ito sa punto na nagkaroon siya ng AIDS.

> *I slowly opened the envelope and saw the word reactive; I didn't understand what it meant so I just stared at the paper for a full minute figuring out what it meant. My counselor took the paper from me and I asked him what it meant. He said with a very sad face; "I am very sorry but yes, you are both positive."*

Dahil sa nalaman niyang siya ay may AIDS, napanghinaan siya ng loob at halos ayaw na niyang makipaghalubilo sa ibang tao. Nagmukmok na lamang siya sa kanyang kuwarto habang iniisip ang unti-unting paglabas ng mga sintomas ng kanyang sakit.

*(f) Hindi Makapaghayag ng Saloobin*

Naratibo ito ng isang baklang ikinukuwento ang karanasan niya habang may nakasabay siya sa jeep na isang bakla rin ngunit hindi makapagsalita dahil ito ay pipi. Humahanga siya rito ngunit alam niyang ito rin ay nahihirapan sapagkat hindi man lang nito maihayag ang kanyang saloobin dahil hindi ito makapagsalita. Napakahirap para sa kanya.

> *I realized that maybe because he must have gone through tough times. I, as an effeminate gay guy as well, had to endure what life throws at people like me and I can imagine what he has gone through. On top of that, he's mute. I know it may sound judging but let's face the brutal fact that life is more difficult for them. There's a few opportunities that I could only think of available to people like them and if gays had problems looking for a welcoming environment, what more for the mute gay guy?*

Hindi maikakaila na sa mundo natin ngayon, bagamat may taong nakaiintindi, mayroon ding mahilig lang mangutya at manghusga sa kapwa. Sa kalagayan ng binatang bakla, bukod sa siya ay bakla at pipi pa, maaaring sabihin ng iba na mahihirapan siyang ipagtanggol at ihayag ang kanyang saloobin sa mga taong maaaring humusga sa kanya.

## 3.2 Ang Pagharap sa mga Hamon ng Buhay

Ayon sa pahayag ni Friedman (2014), higit na nakararanas ng diskriminasyon ang mga miyembro ng LGBTQ dahil sa kanilang pagiging kakaiba bunga ng napili nilang kasarian. Nakararanas sila ng diskriminasyon mula sa lipunang nakapaligid sa kanila hindi dahil sa kanilang mga ginagawa kung hindi dahil sa katotohanang naiiba ang

kanilang identidad. Marami sa kanila ang naapektuhan ang buhay dahil sa mga diskriminasyong natatanggap ngunit ang ilan naman ay ginagawa itong motibasyon at matapang na hinaharap ang anumang negatibong pananaw ng ibang tao. Ilalahad sa bahaging ito ang mga karanasan ng mga bakla sa naratibo sa pagharap ng mga pagsubok na dumaan sa kanilang buhay.

*(a) Pagpapahalaga at Pagtanggap sa Sarili*

Ang pagtanggap sa sarili ang isa sa pinagmumulan ng kasiyahan at kinakailangan ito para sa mental na kalusugan ng tao. Makikita sa mga nakalap na naratibo ang ilang salaysay ng mga bakla na dahil sa pagtanggap nila sa kanilang sarili, naging paraan ito upang mahanap nila ang tunay na kaligayahan sa kabila ng mga pagsubok. Sa naratibong *"Family Issue (Acceptance)"* makikita ang buhay ng isang bakla na hindi tanggap ng pamilya lalo na ng kanyang ina ang kanyang pagkatao. Subalit hindi ito naging hadlang para sa kanya at itinuloy ang buhay na mayroon siya kasama ng kanyang karelasyon. Sa kabila ng kanyang karanasan, wala siyang sinisisi kung ano siya sa kasalukuyan.

> *Being gay, for me, is a choice. I don't believe we are born into it. It is a personal choice. It is a choice that we make for ourselves. Not our family. Not the people around us. Not society itself. And yes, it is a need for us to be accepted. That's a fact. But the most important person who needs to accept you're gay is yourself. All else is secondary, if not tertiary.*

Batay sa pahayag sa itaas, tanggap ng bakla kung ano siya dahil personal niya itong kagustuhan at hindi ng kanyang pamilya, mga kaibian, at maging ng mga tao sa kanyang paligid. *"...the most important thing is you accept yourself. Love yourself and live with your decision".* Ganito rin ang mensahe ng naratibong pinamagatang "Brian". Hindi naging madrama ang paglaladlad ni Brian dahil ipinakita niya ang tunay niyang pagkatao noong pumanaw na ang kanyang mga magulang. Unang nalaman ito ng kanyang mga kabigan, kasunod ang kanyang pamilya. Ayon sa kanya, *"Being gay means never to apologize for being my true self. That you respect my truths and I shall respect yours as well."* Ayon sa kanya, walang kailangang hingan ng patawad sa pagiging bakla at kailangang tanggapin at respetuhin ang katotohanan.

Sa kabuuan, masasabing sa kabila ng mga pagsubok sa identidad at sa buhay na hinarap ng mga bakla sa mga naratibo, patuloy pa rin sila sa pamumuhay dahil sa mga taong nagmamahal sa kanila at tumanggap sa kanilang pagkatao. Higit pa rito, una nilang tinanggap ang kanilang sarili.

*(b) Pagiging Madiskarte sa Buhay*

Sa naratibong *"Confession of a Gay Prosti"* makikita ang pasusumikap ng isang bakla para makatulong sa pamilya. Wika pa niya, "*kapag bakla ka, instant bread winner ka*". Dahil sa kagustuhan niyang makahanap ng trabaho ay pumunta siya sa ibang bansa. Nag-akala siyang mabibigyan siya ng mas malaking sahod kumpara sa kinikita niya sa Pilipinas. Hindi ito naging madali sa kanya at ayaw niyang ipaalam ito sa pamilya. Nagsumikap siya, nag-oopisina sa umaga at nagbibigay ng panandaliang aliw naman ang kanyang trabaho sa gabi. Kinakaya niya ang pagod at puyat dahil sa matinding pangangailangan sa buhay. Ayon sa kanya,

> *Sa mga nakakabasa nitong aking experience, sana huwag nyo naman akong husgahan. Ako'y isang tao na marunong masaktan at marunong magmahal. Dahil sa pagmamahal, gagawin ko ang lahat para sa aking pamilya. Isang malaking pang-unawa ang aking hinihiling sa inyong lahat at hindi suhestiyon o panglalait.*

Ginagawa ng bakla ang lahat kahit ito ay masama basta para sa ikabubuti ng kalagayan ng kanyang pamilya ay susugal siya.

Samantala, sa naratibong "Rem", bagamat hindi naging madali sa kanya ang buhay sa teatro ay nagsumikap siya at naging madiskarte sa buhay dahil wika niya, mas nabibigyan ng oportunidad ang mga tunay na lalaki sa pag-arte sa teatro. Ayon sa kanya, *"I put up my own theater company in 2013."* Ngayon ay matagumpay na si Rem at mayroon na siyang sariling *theater company.*

*(c) Pagkakaroon ng Positibong Pananaw*

Isang malaking pagsubok ang dumating sa buhay ng isang bakla sa naratibong *"My Story"*. Ang baklang ito ay positibo sa *transmitted disease* na AIDS, isang sakit sa *immune system* na dulot ng virus na HIV. Pinapatay ng HIV ang mga selulang responsable sa paglaban at pagpatay sa mga impeksyon sa katawan.

> *Days have past and I was still crying. My confidence took a dive and I have become an anti-social. Sometimes I would try to watch comedy films to force myself to laugh. But the thought that I am HIV positive keeps on popping in my mind and every time it does, it felt like being punched in the face. I*

> *have suddenly become aware of all of the sensations in my body, every time I feel something wierd, I panic.*

Subalit sa kabila ng pagkakaroon ng nakamamatay na sakit, hindi siya sumuko, bagkus tinanggap niya ito at positibo pa rin ang kanyang pananaw sa buhay. Patuloy siyang nagpapagaling at tumutulong sa pagpapalaganap ng kamalayan sa nasabing sakit sa pamamagitan ng paggawa ng blog.

Pagiging positibo rin ang ipinakikita ng bakla sa naratibong *"In this World That Never Stops Talking".* Ibinahagi ng bakla ang nakita niyang piping bakla habang nakasakay siya ng jeep. Iniisip ng bakla na baka nahihirapan itong pipi sa kalagayan niya dahil sa kapansanan nito ngunit sa badang huli ay hinangaan pa niya ito. Ipinakikita sa naratibong ito ang pagiging positibo ng pananaw sa buhay sa kabila ng pagkakaroon ng kapansanan.

*(d) Matapang*

Makikita sa mga naratibo ang samot-saring problemang hinarap ng mga bakla ngunit sa bawat suliraning ito ay makikita rin ang kanilang katapangan sa iba't ibang sitwasyon at kaparaanan.

Sa lahat ng mga naratibong nakalap, ang naratibong "My Story" na marahil ang kakikitaan ng konkretong katapangan ng isang bakla na na-diagnose ng sakit na AIDS dahil sa pagiging sexually active simula nang siya ay 25 taong gulang pa lamang. Ayon sa pahayag ni Salvana (2010), sa Pilipinas, ang pangunahing dahilan pa rin kung bakit napapasa ang HIV ay dahil sa hindi protektadong pagtatalik. Ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng AIDS ang baklang tinutukoy sa naratibo.

> *During all of those, I just closed my eyes and did not think of the real threat of getting HIV, I know that 99% of the reason why people is being infected by HIV in Manila is by MSM or male having sex with male.*

Sa simula pa lang ay alam na ng bakla sa naratibo na posible siyang magkaroon ng AIDS dulot ng virus na HIV subalit binalewala niya ito hanggang sa dumating ang panahon na nagdesisyon siyang magpa-HIV test at nalaman ang resulta nito.

> *I slowly opened the envelope and saw the word reactive, I didn't understand what it meant so I just stared at the paper for a*

> *full minute figuring out what it meant. My counselor took the paper from me and I asked him what it meant.*

Tila pinagsakluban ng langit at lupa ang pakiramdam ng bakla sa naratibo dahil sa natanggap na resulta. Ngunit sa kabila ng malungkot na balita at tila pagkawala ng tiwala sa sarili dahil sa nangyari, ipinakita pa rin nito ang katapangan at lakas na harapin ang naturang sakit. Dumaan man sa malaking pagsubok, pinatunayan ng bakla sa naratibo na hindi natatapos ang kanyang buhay sa pagkakaroon ng sakit na AIDS,sa halip ay naging inspirasyon niya ito upang ipakita sa ibang tao katulad ng mga kapwa niya homosekswal na dapat mas maging maingat at alagaan ang kalusugan nila.

> *But most importantly, I have committed myself into helping out other people by sharing my story and spreading the information about HIV. I write in my blog, and I reach out to other people and convince them to take the HIV test, practice safe sex, and offer emotional support.*

Bukod sa katapangan sa pagharap sa karamdamang tulad ng AIDS, ipinakita rin ng mga bakla sa naratibo ang iba pang mukha ng katapangan tulad ng paninindigan nila sa napiling kasarian. Sa naratibong "*Brian, DJ, Manila, Philippines*" ni Brian (2016), ipinakita niya ang kanyang pananaw tungkol naman sa tingin sa kanila ng ibang tao.

> *Being gay means never to apologize for being my true self. That you respect my truths and I shall respect yours as well. I had to continually fight for my place, the recognition of peers, and constantly remind people that hard work, not faking it matters.*

Mababasa sa mga pahayag na ito na kapwa nangangailangan ng pagtanggap ang bawat kasarian, lalaki man o babae at higit lalo ang mga homosekswal. Samantala, sa naratibong "Evan" naman, ipinakita rin nito ang pananaw niya patungkol sa karanasan ng diskriminasyon sa mga kasapi ng LGBT.

> *Experiencing discrimination and not enjoying the same rights as straight people do is one of the big challenges I face as a gay man. Like getting married for example. Or being told that I'm bad.*

Ang mga pahayag sa itaas ay nagpapakita na isang napakalaking hamon para sa mga bakla ang iba't ibang mukha ng diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay na nararanasan nila sa lipunan. Dahil dito, mas lumakas pa ang kanilang paniniwala at paninindigan na kailangang matamasa nila ang pantay na karapatan at pribilehiyo na natatamasa rin ng lalaki at babae.

*(e) Mapagmahal sa Pamilya at sa Kapwa*

Likas na sa mga Pilipino ang pagiging malapit at mapagmahal sa pamilya. Ang katangiang ito rin ang isa sa lumutang na positibong ugali ng mga bakla sa mga naratibo. Sa kabila ng katotohanang ilan sa pamilya ng mga baklang binanggit sa naratibo ay hindi pa tuluyang natatanggap ang pinili nilang kasarian, ipinakita pa rin nila ang pagiging maaalalahanin sa damdamin at kalagayan ng mga mahal nila sa buhay.

Sa naratibong "*Kai and Paul*", ipinakita nina Kai at Paul ang pag-aalala sa sasabihin ng mga magulang lalo na ng ama ni Kai patungkol sa kanilang relasyon.

> *Out of everyone, my dad and I have had the most strained relationship," explains Kai. "He's never really approved of my homosexuality. So, we were anxious for him to meet Paul for the first time.*

Kahit may pag-aalinlangan at takot ang dalawa sa simula nang makilala ang ama ni Kai, hindi ito naging hadlang upang makuha ang pagsang-ayon ng magulang ni Kai sa kanilang relasyon. May lakas ng loob pa ring ipinakilala ni Kai si Paul sa kanyang ama at nagdulot nga ito ng positibong resulta.

> *I think my dad saw that Paul is an amazing and loving person. It was like he finally got it. He planned activities for us. He drove us around. He even cooked breakfast for us every morning. He was such a great host! And it meant everything to have that from him—to have him welcome Paul as part of the family*.

Dahil sa pagmamahal at respeto nina Kai at Paul sa kanilang magulang, nasuklian ito ng pagtanggap mula sa kanilang pamilya. Bukod sa pagmamahal sa pamilya, naipakita rin ng mga bakla mula sa naratibo ang pagmamahal nila sa kapwa lalo na sa kanilang karelasyon. Masasabing isa sa hamon ng pagiging homosekswal ay ang makahanap ng isang taong tunay na magmamahal sa iyo hanggang sa huli.

Kaugnay nito, ipinagbunyi ng mga miyembro ng LGBTQ ang makasaysayang desisyon ng Korte Suprema ng Amerika na gawing legal ang *same-sex marriage* sa lahat ng kanilang estado (GMA News, 2015). Bagamat ipinagbabawal pa rin sa Pilipinas ang same-sex marriage (Ochoa, et al. 2016), may iilan pa ring mga kilalang artista at tao ang nagkakaroon ng ganitong uri ng kasalan.

*(f) Mapamaraan sa Buhay*

Dahil sa pagiging malikhain at mapamaraan, masasabing nagmarka na ang komunidad ng LGBTQ sa larangan ng politika, showbusiness, negosyo at higit lalo sa pagiging madiskarte sa buhay at pamilya. Dahil sa pagmamahal ng mga bakla sa kanilang pamilya, nagagawa rin nila ang iba't ibang mga bagay upang mabigyan lamang ng maayos na pamumuhay ang kanilang mga mahal sa buhay kahit pa ang kapalit nito ay ang paglayo sa pamilya at pagpunta sa ibang bansa para magtrabaho.

Batay sa tala ng Philippine Statistics Authority (2023), umabot sa 1.96 milyong mga Pilipino ang nagtrabaho sa ibang bansa simula Abril hanggang Setyembre ng 2022. Nangangahulugang mas tumaas ang bilang ng OFW nitong 2023 kumpara noong 2021 na may bilang na 1.83 milyong OFW at nasa 7.6% na kinuha sa parehong buwan. Maraming mga Pilipino ang nangingibang bansa partikular sa mga bansa sa gitnang silangan (Middle East) na nangangailangan ng Pinoy *skilled worker*. Kahirapan at kawalan ng trabaho ang pangunahing dahilan ng mga Pilipinong nangingibang bansa. Kumpara sa Pilipinas, mas malaki ang sahod sa mga karatig bansa kaya maraming nahihikayat na lumayo sa pamilya at makipagsapalaran upang makaahon sa buhay. Kaakibat ng paglayo sa pamilya at pagkakaroon ng malaking sahod ang mga hirap na natatamasa ng isang OFW gaya ng lungkot at pighati na mawalay sa minamahal.

Marami ring mga LGBTQ ang pumupunta sa ibang bansa upang makipagsapalaran. Hinding hindi rin maaalis ang diskriminasyon pagdating sa trabaho lalo na sa ibang bansa na ipinagbabawal ang homosekswalidad. Malaking usapin ang homosexuality partikular sa mga bansa tulad ng Saudi Arabia at mga karatig bansa nito. Ayon kay Lubin (2016), makikita sa Okaz Newspaper sa Saudi Arabia na ipinaglalaban ng mga tagausig na ipataw sa mga homosekswal ang parusang bitay o kamatayan. Iminungkahi ito ng isang tagausig sa Jeddah Saudi Arabia dulot ng paglobo ng mga baklang nahuhuli sa kasong sodomy at pagko-cross dress.

Ito ang karanasan ni Trio na isang baklang OFW sa naratibong "*Confession of a Gay Prosti*". Hindi madali na mawalay sa pamilya. Maraming mga OFW ang nagtitiis sa paghihirap na mawalay sa pamilya upang matustusan lamang ang mga pangangailangan nito. Ibinahagi niya

ang kanyang mga pinagdadaanan upang matustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya.

> *In order to ease the pain the burdens, my colleagues convinced and advised me that I need to unwind and relax once and for all.*

Upang kahit papaano ay malimutan ni Trio ang kanyang problema, sinabi ng mga kaibigan ni Trio na pagpahingahin muna niya ang kanyang sarili. Naisipan niya na pumunta sa *disco houses* at mag-*mall hopping*. Doon niya nakita at nakilala ang mga Pilipinong rumarampa at rumaraket. Suma-*sideline* ito kapag gabi para lamang makapagpadala ng mas malaking halaga sa pamilya sa Pilipinas. Sila yaong mga nagbibigay ng aliw sa mga ibang lahing mahilig sa "short time". Babae man o bakla ay pumasok na sa ganitong gawain. Kabilang si Trio sa mga nagbibigay ng aliw. Parepareho ang kanilang mga karanasan sa buhay, marami sa kanila ang nanggaling sa malupit at manlolokong ahensya sa Pilipinas. Wika ni Trio, maraming mga Pilipino ang kumakapit sa patalim kaya hindi maipagkakaila na mababa ang tingin ng ibang mga lahi sa mga Pilipino.

> *Sa umpisa, takot akong subukan ang pangangalakal na ito, kasi isa ito sa mga ipinagbabawal dito*.

Nahikayat na rin si Trio na pasukin ang ilegal na gawaing ito. Maraming mga ibang lahi na mahilig sa bakla ngunit ibayong pag-iingat ang kinakailangan sa ganitong uri ng trabaho dahil pagkakakulong at pagkakabitay ang parusang ibibigay sa sinumang mahuhuli.

> *Aaminin ko, nagustuhan ko ang pagrampa sa gabi kasi madali ang pera sa ganitong trabaho. Pero sorry ka if mahuli ka ng police, selda 14 ang aabutin mo. Kaya simpleng ingat lang at diskarte ang kailangan, at dapat gamitin ang utak... Pero minsan napapagod din ang aking katawan. Kailangan ko ring magpahinga. Kinakaya ko ang pagod at puyat dahil sa matinding pangangailangan. Sa araw pumapasok ako sa opisina at sa gabi naman nagtatrabaho bilang isang pokpok kasama ang aking mga kaibigan. Apat na oras na tulog sa isang gabi ayos lang para kumita.*

Makikita sa naratibo ang tinitiis ni Trio ang ganitong trabaho. Dagdag pa niya, walang araw na walang nagpapa-*book* sa kanya. Ngunit kahit napapagod, masasabi rin niyang nasisiyahan siya sa kanyang ginagawa

dahil napupunan din ang kanyang pangangailangan bilang isang bakla at nagkakapera pa siya. Dahil sa tagal niya sa ganitong trabaho ay nakapundar na rin siya kahit papano. Ipinagbabawal man sa ibang bansa partikular sa Gitnang Silangan ang pagiging bakla ay makikitang hindi napigilan ng katotohanang ito na pasukin ni Trio ang isang ilegal na trabaho. Imbis na ikatakot niya ang kanyang pagiging bakla ay naging lakas pa niya ito sa araw-araw na pakikibaka bilang OFW dahil naibibigay niya ang pangangailangan ng kanyang pamilya.

*(g) May Positibong Pananaw sa Buhay*

Larawan ng masaya at walang gaanong inaalala sa buhay ang inilarawan na bakla ni Adam sa kanyang naratibong pinamagatang *"In this World That Never Stops Talking"*. Si Adam ay isa ring *effeminate* o ladlad na bakla. Inilarawan niya sa kanyang naratibo ang kanyang paghanga sa isa ring ladlad at *cross-dresser* na bakla na may kapansanan na nakasabay niya sa jeep. Ang baklang ito ay hindi makapagsalita dahil pipi.

> *Sitting beside the person across me was a young effeminate gay guy and my attention shifted towards him as I watched him put on his lipstick. To my surprise, he joined in the conversation and started gesturing with his hands as well. The other two smiled genuinely, their eyes full of glee as they watched the hands of their friend. Silence still filled the air*.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na nakararanas ng diskriminasyon ang mga bakla dahil sa kadahilanang isa silang bakla (Saxe, 2017). Ganoon pa man, hindi lamang ang mga bakla ang nakararanas ng diskriminasyon, bagkus ang iba ring tao at maging ang mga taong may kapansanan. Bilang patunay rito ay ang pagsasabatas sa Republic Act No. 7277 o ang Magna Carta for Disabled Persons (Disability:IN, 2024). Ang isang uri ng diskriminasyong natatanggap ng mga taong may kapansanan ay ang *bullying* o pangutngutya mula sa ibang tao. Ayon sa Australian Human Rights Commission (2007),

> *Many people refer to bullying as harassment or discrimination. However, bullying may not be unlawful under federal or state anti-discrimination laws unless it is linked to, or based on, one of the characteristics covered by these laws, such as the person's age, sex, race or disability.*

Maituturing na isang uri ng diskriminasyon ang *bullying* kung

nauugnay ito sa mga aspektong sakop ng proteksyon ng gobyerno kabilang na ang mga taong may kapansanan.

Kung ang mga may kapansanan ay nakararanas ng diskriminasyon, gayundin ang ilang karanasan ng mga miyembro ng LGBTQ. Kaya ganoon na lamang ang pag-aalala ni Adam sa baklang may kapansanan na nakasabay niya sa jeep.

> *I didn't know what I felt but there was something with that gay guy that pulled of my heart's strings more. I realized that maybe because he must have gone through tough times. I, as an effeminate gay guy as well, had to endure what life throws at people like me and I can imagine what he has gone through. On top of that, he's mute. I know it may sound judging but let's face the brutal fact that life is more difficult for them*.

Ngunit sa kabila ng katotohanang ito, nakita ni Adam sa baklang may kapansanan ang positibong pananaw sa buhay. Hindi lubos maisip ni Adam na sa kabila ng kanyang pagiging bakla at pagiging pipi ay nagagawa pa rin niyang mabuhay nang masaya at walang takot.

> *The jeepney driver was unaware of his hand so he said in garble as loudly as he could, "Ngayad ngaw po."...The other two gestured hands and I think one of them took notice of me watching. They laughed. The gay guy laughed as well. They reached their destination and the one nearer to the driver signaled that they needed to get off*.

Ipinakita sa pahayag na ito ni Adam ang paghanga niya dahil sa buong pusong pagtanggap ng baklang may kapansan sa katotohanan tungkol sa kanyang buhay at sitwasyon, na siya ay bakla at pipi. Hindi ito naging dahilan upang tanungin niya ang buhay sa kapalarang sinapit niya at mamuhay ng malungkot. Hindi niya ito ininda at namuhay siya katulad ng pamumuhay ng isang normal na tao. Makikita na sa kabila ng kapansanang iniinda niya at isama pa ang kasarian niyang nagdudulot sa kanya ng diskriminasyon mula sa lipunan ay nagagawa pa rin niyang humarap sa mga tao nang masaya at may pagmamalaki sa sarili.

Ilan sa mga pagsubok na naranasan ng mga bakla sa naratibo ay ang takót na magladlad, hindi pagtanggap ng pamilya at lipunan, problemang pinansyal, niloko ng ibang tao, pagkakaroon ng sakit na AIDS, at hindi makapagpahayag ng saloobin. Samantala, hinarap naman nila ang mga pagsubok na nabanggit sa pamamagitan ng pagpapahalaga at pagtanggap

sa sarili, pagiging madiskarte sa buhay, pagkakaroon ng positibong pananaw, at lubos na pagmamahalan.

Bunga ng mga nabanggit na karanasan, lumalabas na may lakas at positibong katangian ang mga bakla na ipinakikita sa mga naratibo. Ilan na nga rito ay ang pagiging matapang, mapagmahal sa pamilya at sa kapwa, mapamaraan sa buhay, at pagkakaroon ng positibong pananaw.

## KONKLUSYON

Sa usapin ng mga *third sex*, hindi nila ginawang hadlang ang kanilang identidad upang hindi magtagumpay sa pagharap sa buhay bagkus, naging lakas at sandata nila ang kanilang identidad sa pagharap sa mga pagsubok sa iba't ibang aspeto nito. Ayon kay Singh (binanggit sa Mandal, 2013), ang *empowerment* ay tumutukoy sa proseso ng pagbabago kung saan ang isang indibidwal o grupo ay nagkakaroon ng lakas, tapang at abilidad sa kabila ng lahat ng mga dagok sa kaniyang buhay.

Sa panahon ngayon, bagama't bukas na ang isipan ng karamihan patungkol sa ikatlong kasarian kung saan kabilang ang mga bakla ay nakararanas pa rin sila ng diskriminasyon mula sa lipunan ngunit hindi ito naging hadlang upang sila ay magtagumpay. Lumalabas na *self-empowered* ang mga bakla ayon sa kanilang mga naratibo. Una, sila ay *socially empowered* o may lakas ng loob na ipakita sa madla ang kanilang sarili at palaban sa diskriminasyong nagmumula sa lipunan. Pangalawa, lumabas sa mga naratibo ang kanilang pagiging *psychologically empowered* o dahil sa kanilang motibasyon at tiwala sa kanilang sarili ay nagagampanan nila ang kanilang tungkulin bilang indibidwal. Panghuli, ang mga bakla sa naratibo ay mga *decision-making empowered* o may kalayaan silang magdesisyon para sa kanilang sarili gusto man o hindi ng lipunang ginagalawan nila.

Kaugnay nito inirerekomendang gumawa ng katulad na pag-aaral sa pamamagitan ng pagkuha ng mga datos sa aktuwal na pagsasalaysay ng mga bakla o sinumang kasapi ng LGBTQ upang mas maging balido ang katotohanan ng mga impormasyong makakalap. Isa ring magandang pagtuunan ang mga naratibo ng mga *lesbian* o tomboy at sa iba pang kasapi ng LGBTQ. Inirerekomendaring subuking pag-aralan ang mga naratibo mula sa *micro blogging.* Katulad ng ginawang midyum sa ginawang pag-aaral, maaaring subukang magsagawa ng komparatibong pag-aaral sa danas ng mga bakla mula sa Pilipinas at mula sa ibang bansa.

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Para sa pagmamahal sa bayan at lipunang Pilipino.

**FUNDING**

The authors declare that this study was not supported by any sponsor or funder.

**AUTHORSHIP CONTRIBUTION**

**Jehan M. Tahir[1*], Tilshane R. Yap[2], Ivy V. Sayon[3] ,Marie Fel B. Gabutin[4]** collaboratively did the conception or design of the work, the data collection, the data analysis and interpretation, the drafting the article, the critical revision of the article until the final approval of the version to be published.

**DECLARATION OF COMPETING INTEREST**

The authors declare that they have no known competing interests that could have appeared to influence the work reported in this paper.

**DECLARATION OF USE OF GENERATIVE AI / AI-ASSISTED TECHNOLOGIES**

The authors declare that they have used ChatGPT in the translation of some parts of the abstract to improve the language and readability of their paper. After using this tool, the authors reviewed and edited the content as needed.

**REPERENSIYA**

Arceo, A. (2017, March 19). Duterte rejects same-sex marriage for PH. *Rappler*. http://www.rappler.com/nation/164656-duterte%20-rejects-same-sex%20-marriage-philippines.

Australian Human Rights Commission (2014). Workplace discrimination, harassment and bullying. Nakalap noong Pebrero 2024, mula sa https://humanrights.gov.au/sites/default/files/GPGB_workplace_discrimination_harassment_bullying_0.pdf.

Benjamin, O. (1998). Therapeutic discourse, power, and change: Emotion and negotiation in marital conversations. *Sociology*, *32*(4), 771–793. https://doi.org/10.1177/0038038598032004008

*Beware of online dating and hookups.* (2014). Nakalap noong Oktubre 18, 2021, mula sa http://www.cutepinoyportal.com/2014/09/beware-of-online -dating-and-hook-ups.html.

Brian. (2016, August 18). Brian, DJ, Manila, Philippines. *The Gay Man Project*. https://thegaymenproject.com/2016/08/18/brian-dj-manila-philippines/comment-page-1/

Cayetano, P. (2012). Gender equality and justice in the law. *Philippine Law Journal*. Nakalap noong Disyembre 3, 2021, mula sa http://abcnews.go.com/News/history- clenched- fist/story?id=39006994.

Confession of a gay "prosti." (2009, April 4). *Pinoy abroad*. https://www.gmanetwork.com/news/pinoyabroad/dispatch/155652/confession-of-a-gay-prosti-1/story/

Delos Reyes, C. (2002). *Women empowerment as depicted in the selected short stories of Lakambini A. Sitoy*. [Tesis]. Mindanao State University-Iligan Institute of Technology.

Disability:IN. (2024, January 21). *The Philippines - Disability:IN*. Nakuha noong Oktubre 20, 2024 mula sa https://disabilityin.org/country/the-philippines/#:~:text=Magna%20Ca rta%20for%20Disabled%20Persons%2C%201992%2C%20Republic%20Act%20No.,into%20the%20mainstream%20of%20society.

Doi, K. & Worden, M. (2023, August 21). Japan passes law to 'promote understanding' of LGBT people. *Human Rights Watch*. https://www.hrw.org/news/2023/07/12/japan-passes-law-promote-understanding-lgbt-people.

Friedman, M. (2014). The psychological impact of LGBT discrimination. *How the LGBT Community is Being Harmed Each and Every Day.* Kinuha noong Disyember 8, 2016 mula sa https:// www.psychologytoday.com /blog/brick-brick/201402/the-psychological-impact-lgbt-discrimination.

GMA News Online (2015). Dapat na rin bang payagan ang same-sex o gay marriage sa Pilipinas?. Kinuha noong Pebrero 2024 mula sa https://www.gmanetwork.com/news/top
storie/ulatfilipino/511466/dapat-na-rin-bang-payagan-ang-same-sex-o-gay-marriage-sa-pilipinas/story/

Godbout, L. (2004). *Caesar, Julius (ca. 100-44 B.C.E.)*. Nakalap noong Setyembre 25, 2024, mula sa http://www.glbtqarchive.com/ssh/caesar_j_S.pdf.

*In this world that never stop talking.* (2015). Kinuha noong Oktubre 18, 2015 mula sa http://adamsplanet.blogspot.com/search?updated-max=2015 -04- 19T03:01:00%2B08:0 0&max-results=8&start=16&by-date=false.

*Kai and Paul's honey moon with family: A #hostwithpride story.* (2015). Kinuha noong Oktubre 18, 2016 mula sa http://blog.airbnb.com/a-hostwith pride-story-kai-pauls-honeymoon-with-family/.

Ki, CN. (2022). PH ranks 1st among 34 Asian countries on acceptance of LGBTQI members, but... *Manila Bulletin*. https://mb.com.ph/2022/06/23/ph-ranks-1st-among-34-asian-countries-on-acceptance-of-lgbtqi-members-but/

Refworld (2013). Human Rights Watch country profiles: Sexual orientation and gender identity. Nakalap noong Pebrero 2024, mula sa https://www.refworld.org/reference/an nualreport/hrw/2017/en/120678

Manalansan, M. (2023). Ang mga hangganan sa pagitan ng mga bakla at ng gay. *Katipunan, 11*(1), 53-66. https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss1/6

Mandal, K. (2013). Concepts and types of women empowerment. *International Forum on Teaching and Studies, 9(2).* http://americanscholarspress.us/journals/IFST/pdf/IFOTS-2-2013/IFOTS_v9_n2_art3.pdf

Ochoa, D. P., Sio, C. P., Quiñones, D. M., & Manalastas, E. J. (2016). A bond between man and woman: Religiosity, moral foundations, and same-sex marriage. *Philippine Journal of Psychology, 49*(2), 157-171. http://www.tinyurl.com/ybgrcv3j

Philippine Statistics Authority. (2023). *2022 Survey on overseas Filipinos*. Nakalap noong Agosto 2, 2024 mula sa https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/survey-overseas-filipinos.

Salvana, E. M. T. (2010). The Philippine HIV/AIDS Epidemic: A Call to Arms. *Acta Medica Philippina, 44*(1). https://doi.org/10.47895/amp.v44i1.4726

Saxe, R. (2017). It's always been about discrimination for LGBT people | ACLU. Nakuha noong Oktubre 19, 2024 mula sa *American Civil Liberties Union*. https://www.aclu.org/news/lgbtq-rights/its-always-been-about-discrimination-lgbt-people

Subramanian, G. (n.d.). *Negotiation theory*. PON - Program on Negotiation at Harvard Law School. https://www.pon.harvard.edu/tag/negotiation-theory/#:~:text=Negotiation%20theory%20suggests%20you%20focus,build%20nearly%20self%2Denforcing%20agreements.

Tolentino, R. B., & Santos, J. M. C. (Eds). (2014). *Media at lipunan.* Quezon City: The University of the Philippines Press.

United Nations Human Rights (2023). *The permanent shadow: Colonialism, sexual orientation and gender identity in Kenya and Zimbabwe*. Nakalap noong Setyembre 25, 2024, mula sa https://www.ohchr.org/sites/default/files/documents/cfi-subm/2308/subm-colonialism-sexual-orientation-cso-reportout-input-1.docx.

Willard, N. (2018). Sherry Turkle and technology's affect on communication. *Medium*. https://medium.com/@nikaylawillard/sherry-turkle-technology-s-affect-on-communication-b73f6b7c3987.

Weiner, A. (2024). What is a blog? Definition, types, benefits and

why you need one. *Wix Blog*. https://www.wix.com/blog/what-is-a-blog#:~:text=A%20blog%2C%20s hort%20for%20%22weblog,%2C%20ideas%2C%20opinions%20or%20information.